

Ut in confessiōne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æquálitás.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Lc 15:10

DICO vobis: gáudium est Angelis Dei super uno peccatóre poeniténtiam agénte.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SANCTI tua nos, Dómine, sumpta vivificent: et misericórdiæ sempiternæ pr æparent expiátos. Per Dóminum.

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

SINASABI ko sa inyo, may kasayahan ang mga anghel ng Dios sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi.

BUHAYIN nawa kami't linisin at ihanda, Panginoon, sa aming pagtanggap nitong mga banal mong Sakramento, ayon sa iyong walang hanggang madlang-awa. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

IKATLONG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa "Respite in me"

• II cl. • Semidoble • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 67: 6-7

RESPICE in me, et miserére mei, Dómine: quóniam únicus, et pauper sum ego: vide humilitátem meam, et labórem meum: et dimítte ómnia peccáta mea, Deus meus. — *Ps 67:36* Ad te, Dómine, levávi ánimam meam: Deus meus, in te confído, non erubescam. *V.* Gloria Patri. Respite in me.

TUNGHAYAN mo ako, Panginoon, at kahabagan, sapagkat nag-iisa ako at namimighati. Tignan ang aking pighati at dusa; patawarin ang lahat kong mga kasalanan. — *Salmo 67:36* Dumudulog ako sa iyo, O Dios ko, sa iyo ako nananalig, huwag sana akong mabigo. *V.* Luwalhati sa Ama. — Tunghayan Mo ako...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

PROTECTOR in te sperántium, Deus, sine quo nihil est validum, nihil sanctum: múltiplica super nos misericórdiam tuam, ut, te rectóre, te duce, sic transeámus per bona temporália, ut non amittámus æténa. Per Dominum.

O DIOS, tagapagtanggol ng mga umaasa sa iyo at pinagmumulan ng lahat ng lakas at kabanalan, dagdagan sana ang iyong mga biyaya sa amin. Patnubayan mo kaming gamitin ang mga bagay na makalupa upang matamo ang mga makalangit. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • 1 Pd 5:6-11

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pedro.

PINAKAMAMAHAL: Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos at dadakilain niya kayo pagdating ng takdang panahon. Ipagkatiwala ninyo sa kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo. Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo, ay parang leong umuungal at aali-aligid na naghahanap ng malalapa. Labanan ninyo siya at magpakatatag kayo sa inyong pananampalataya sa Diyos. Tulad ng alam ninyo, hindi lamang kayo ang nagtitiis ng mga kahirapan, kundi gayundin ang inyong mga

kapatid sa buong daigdig. Pagkatapos ninyong magtiis sa loob ng maikling panahon, ang Diyos, na siyang pinanggagalingan ng lahat ng pagpapala, ang siyang magbibigay sa inyo ng kagalingan, katatagan, at lakas ng loob at isang pundasyong di matitinag. Siya ang tumawag sa inyo upang makibahagi kayo sa kanyang walang hanggang kaluwalhatian, kasama ni Cristo. Sa kanya ang kapangyarihan magpakailanman! Amen. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 54:17, 23, 19: Ps 7:11

JACTA cogitátum tuum in Dómino: et ipse te enutriet.

V. Dum clamárem ad Dóminum, exaudivit vocem meam ab his qui appropínquant mihi.

Allelúia, allelúia. **V.** Deus iudex justus, fortis et pátiens, numquid iráscitur per singulos dies? **Alleluia.**

ILAGAK sa Poon ang iyong suliranin, aalalayan ka't ipagtatanggol rin.

V. Nang tumawag ako sa Poon, narinig niya ang tinig ko mula sa mga umuusig sa akin.

Aleluya, aleluya! **V.** Ang Diyos ay isang hukom na makatarungan, malakas at banayad sa pagkagalit: napopoot ba siya araw-araw? **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 15:1-10

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHOONG IYON: Lumapit kay Hesus ang mga maniningil ng buwis at ang mga makasalanang upang makinig. Nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan. Sabi nila, “Ang taong ito’y nakikisama at nakikisalo sa mga makasalanang.” Dahil dito, sinabi sa kanila ni Jesus ang talinghagang ito: “Kung ang sinuman sa inyo ay may isandaang tupa at mawalan ng isa, ano ang gagawin niya? Hindi ba’t iiwan niya ang siyamnapu’t siyam sa pastulan at hahanapin ang nawawala hanggang sa ito’y matagpuan? Kapag nakita na niya ang tupa ay masaya niya itong papasanin. Pagdating sa bahay, aanyayahan niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay at sasabihin sa kanila, ‘Makipagsaya kayo sa akin dahil nakita ko na ang tupa kong nawawala!’ Sinasabi ko sa inyo, magkakaroon ng higit na kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang tumatalikod sa kasalanan kaysa sa siyamnapu’t siyam na matuwid na di nangangailangang magsisi. O kaya, kung ang isang babae ay may sampung salaping pilak at mawala ang isa, ano ang gagawin niya? Hindi ba’t magsisindi siya ng ilawan, wawalisang buong bahay at hahanaping mabuti ang nawawalang salapi hanggang sa ito’y kanyang makita? Kapag nakita na niya ito, aanyayahan niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay at sasabihin sa kanila, ‘Makipagsaya

kayo sa akin, sapagkat nakita ko na ang nawawala kong salaping pilak!’ Sinasabi ko sa inyo, gayundin ang kagalakan ng mga anghel ng Diyos dahil sa isang makasalanang tumatalikod sa kasalanan.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 9:10-12

SPERENT in te omnes, qui novérunt nomen tuum, Dómine: quóniam non derelínquis quæ- réntes te: psállite Dómino, qui hábitat in Sion: quóniam non est oblítus oratiónem pauperum.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

RESPICE, Dómine, múnera supplicántis Ecclésiæ: et salúti credéntium perpétua sanctificatióne suménda concéde. Per Dóminum.

NANANALIG sa Iyo, Panginoon, ang kumikilala sa iyong pangalan, dahil wala pang lumapit sa iyo na iyong tinanggihan. Sa Panginoon na hari ng Sion ay umawit tayo ng papuri: inaalala ng Diyos ang mga nahihirapan, mga karaingan nila’y di niya nakakalimutan.

MALUGOD mong tunghayan, Panginoon, ang mga alay at panalangin ng iyong Simbahan. Loobin mong dumami at maging banal ang mga kaanib sa kanya sa wika at sa gawa. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et eterne Deus:

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in unius Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differéntia discretiónis sentímus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka’t kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.